Espesyal na Benepisyo Tulong Pangkabuhayan Para sa mga Sambahayang may Mababang Kita na may mga Anak (Mga Sambahayang Nag-iisang Magulang)

Ipinapakilala ang <u>bagong espesyal na benepisyo</u> para sa mga sambahayang nag-iisang magulang na may mga anak!

1. Mga kwalipikadong indibidwal

■ Mga Indibidwal na nasa ilalim ng alinman sa 3 kategorya sa ibaba

(1) **Mga indibidwal na nakatanggap ng Marso 2023 Tulong Pinansyal sa Pagpapalaki ng Anak**

(2) **Mga indibidwal na hindi nakatanggap ng Marso 2023 Tulong Pinansyal sa Pagpapalaki ng Anak** dahil sa **pagtanggap ng pampublikong pensiyon, atbp.**
("Pampublikong pensiyon, atbp." kasama ang pensiyon para sa nabubuhay na pamilya, pensiyon para sa may kapansanan, pensiyon sa katandaan, kabayaran sa aksidente sa industriya, kabayaran para sa mga naulila na pamilya, atbp.)

(3) **Mga indibidwal na may parehong antas ng kita tulad ng mga tumatanggap ng Tulong Pinansyal sa Pagpapalaki ng Anak** na ang pinansyal ng sambahayan ay apektado sa biglang pagtaas ng mga presyo ng pagkain at iba pang bilihin.

* Ang mga indibidwal na nakatanggap na ng Espesyal na Benepisyo Tulong Pangkabuhayan para sa Sambahayang may Mababang Kita na may mga Anak ay hindi na kwalipikado na makatanggap ng benepisyong ito maging sila man ay nasa Kategorya (2) o (3) sa itaas.

2. Halaga ng benepisyo

50,000 yen bawat bata

■ **Ang pamamaraan para sa pagtanggap ng benepisyo ay nakalista sa likurang pahina nito. Pakisuyong suriin ang ibinigay na impormasyon.**

* Tawagan ang numero sa ibaba para sa anumang mga katanungan.

■ **<u>Panawagang Sentro ng Ahensya para sa mga Bata at Pamilya</u>**

0120-400-903 **(Oras: 9:00 n.u. – 6:00 n.g., lunes-biyernes)**

■ **Makipag-ugnay sa opisina ng inyong lokal na munisipyo na namamahala sa Espesyal na Banepisyo Tulong Pangkabuhayan para sa mga Sambahayang may mga Anak (Mga Sambahayang Nag-iisang Magulang) para sa karagdagang impormasyon kung paano mag-aplay.**

3. Pamamaraan para sa Pagtanggap ng Benepisyo

■ **Mga indibidwal na nakatanggap na ng Marso 2023 Tulong Pinansyal sa Pagpapalaki ng Anak (Mga indibidwal na nasa Kategorya (1) sa likurang bahagi)**

▶ **<u>Walang aplikasyon na kinakailangan</u>** para makatanggap ng benepisyo.

▶ Ang benepisyo ay ililipat sa tinukoy na akawnt sa bangko para sa Tulong Pinansyal sa Pagpapalaki ng Anak ng mga **Mayo**.

[Tandaan]
* Ang mga indibidwal na ayaw tumanggap ng benepisyo ay dapat na magsumite ng abiso ng pagtanggi.
* Kung may posibilidad na ang bayad ng benepisyo ay hindi naiproseso ng tama, sa kadahilanang ang tinukoy na akawnt para sa Tulong Pinansyal sa Pagpapalaki ng Anak ay sarado na, seguraduhing baguhin ang tinukoy na akawnt o gumawa ng iba pang pag-iingat kung kinakailangan.

■ **Mga indibidwal maliban sa nasa itaas (mga indibidwal sa <u>alinman sa Kategorya (2) o (3) sa ilalim ng seksyon 1</u> sa likurang bahagi)**

▶ **<u>May aplikasyon na kinakailangan</u>** para makatanggap ng benepisyo.

▶ Punan ang porm ng aplikasyon—kabilang ang impormasyon ng iyong akawnt ng bangko—at isumite ito kasama ng mga kinakailangang dokumento nang **direkta sa opisina ng inyong lokal na munisipyo** o **sa koreo.**

▶ Ang mga aplikasyon ay susuriin at ang benepisyo ay ide-deposito sa tinukoy na akawnt **sa lalong madaling panahon** para sa mga aplikanteng nakaabot sa kinakailangang mga kondisyon.



Pakisuyong maging maingat sa posibleng mga panlilinlang sa paglipat ng pera sa bangko at mga panlilinlang sa personal na impormasyon may kaugnay sa Espesyal na Benepisyo Tulong Pangkabuhayan para sa mga Sambahayang may Mababang Kita na may mga Anak.

Makipag-ugnay sa opisina ng inyong lokal na munisipyo, sa pinakamalapit na istasyon ng pulisya, o sa dedikadong Linya ng Konsultasyon sa Pulisya (#9110) kung nakatanggap ka ng kahina-hinalang tawag sa telepono o sulat sa koreo o sa iyong lugar na pinagtatrabahoan mula sa sinumang nagpapanggap na empleyado ng pamahalaang panlalawigan o munisipalidad o kinatawan ng Ahensya para sa mga Bata at Pamilya.